

# PAGTATAHIP AT IBA PANG TULA

Andyleen Feje

## Pagtatahip<sup>1</sup>

Matapos mamula at mamuti ang mga paa  
Kagigiik<sup>2</sup> sa mga tinipong uhay<sup>3</sup>  
Tatawagin na ni ina ang kaniyang katuwang  
Sa paglilinis ng tinudtod na palay

At tuwing dumarating ang hangin  
Pagkasipol na pagkasipol niya  
Umaaliwalas ang mukha ni ina  
*Aniya, may nakikikinig pa rin sa atin*

Nakatatagpo siya ng kakampi  
Sa dampi at halik ng kalikasan

At tuwing hahanginin papalayo  
Ang mga naipong dumi at ipa  
Sa nguso ng luma naming bistay<sup>4</sup>  
Animong kasabay ring tinatangay  
Ang mga naipon niyang pawis at hapo  
Mula sa maghapong pagkakayuko.

---

<sup>1</sup> Proseso ng pag-aalis ng dumi o ipa sa giniik ng paang palay sa pamamagitan ng paghahagis paitaas at pagsalo sa mga butil sa pamamagitan ng bilao

<sup>2</sup> Paghihiwalay sa bunga ng palay sa tangkay sa pamamagitan ng pagdapurak ng mga paa

<sup>3</sup> Tangkay na kinaroroonan ng mga butil ng palay

<sup>4</sup> Uri ng bilao na may maliliit na butas na ginagamit upang linisin ang palay o bigas

## Agua De Mayo

Inaabangan ko pa rin ang unang ulan ng Mayo  
Tulad ng mga umagang hinihintay kita  
Matapos maatasang magsakate<sup>5</sup> ng almusal  
Ni Mosang at ng kaniyang mga bulô<sup>6</sup>  
Tulad ng mga tanghaling ikaw ay umuuwi  
Mula sa hindi kalayuang paaralan  
Nang kami ay saluhan sa hapagkainan  
At ganoon din kung hapon.  
Tinatanaw kita mula sa tarangkahan  
Sinisilip ang bitbit mong plastik  
Ang pasalubong mong sinuklob.<sup>7</sup>  
At kung bakasyon, sabay tayong nag-aabang  
Sa unang ulan ng mayo  
Na anang matatanda ay nakagagaling  
Ng galis at iba pang sakit  
Halinhinan nating isinasahod  
Ang ating mga bumbunan  
Sa alulod ng matandang bahay  
Hindi alintana ang pangangatog  
At mala pasas ng labi at mga palad  
Dahil ika mo nga  
Nauna na tayong pinagaling  
Ng milagro ng agua de mayo.

Ngayon ay nanananghód<sup>8</sup> pa rin ako  
Sa pangakong himala nitong ulan.  
Hiling ko ay sabay nitong hugasan  
Ang mga hindi mapaampat na sugat  
Paghilumin nawa ang nagnanaknak kong poot  
Mula noong ikaw ay hindi makauwi

---

<sup>5</sup> Gumapas ng mga damong ipinakakain sa hayop tulad ng kalabaw

<sup>6</sup> Anak ng kalabaw o báka

<sup>7</sup> Minatamis na katas ng tubó (sugarcane) na minsan ay miryenda o hindi kaya ay ulam

<sup>8</sup> Nag-aabang

Kasamang mga kapwa manggagawang bukid  
Nang minsang umuulan ng bala sa Laur  
At dugo ninyo ang ipinataba sa bungkalan.  
Maghinagpis nawa ang langit at langgasin  
Ang nagnananà kong pangungulila.

## Sa Gitnang Bukid

Hindi na muling mailalapat ang talampakan sa bukid na minsang tinalaktak<sup>9</sup> matapos makipagpatintero sa mga palaka. Hindi na maiihahalik ang daliri sa pitak na dati ay malimit tandusan.<sup>10</sup> Hindi na maihihiga ang pagal na kawatwan sa tinipong ginikan. Magkakasya na muna sa pagtanaw sa pamilyar na lupa, dahil sa gitnang bukid ngayon ay may nakatirik:

“PRIVATE PROPERTY. DO NOT TRESPASS”

Animong balyán<sup>11</sup> na nakatindig ang pulang-pulang mga letra at kaming dating nagsasaka roon ay mga pesteng ibon na dapat takutin sakaling maisipang manalasa at gawain nila ay iantala.

---

<sup>9</sup> Dinaanang o tinakbuhan nang walang ingat

<sup>10</sup> Ibang termino para sa tinaniman; madalas ginagamit ang tandos kapag tumatalakay sa pagtanim ng palay sa malambot o maputik pang lupa, gamit ang tatlong daliri

<sup>11</sup> Tao-tauhang itinatayô sa gitna ng bukid at ipinantakot sa mga ibon

## Utang na Loob

Nang lumobo ang interes ng inutang naming dyes mil ay inari na nila ang aming bukid. Pinaburan ito ng barangay at kami ay pinalagda ng kasunduang nagtakdang sa iba mapasakamay ang aming sakahan. Mapalad na raw kami gagawin pa ring katuwang sa darating na anihan. Utang na loob, sa aking loob-loob.

Habang patuloy na tumutubo ang tubo ay naroon kami sa gitnang bukid. Ginagapas ang mga dapang uhay na iniwan ng halimaw.<sup>12</sup> Nagbibilad ng balat, nagbabanat ng buto. Nakikiamot sa biyaya ng sarili naman sana naming lupa. *Utang na loob!*

---

<sup>12</sup> Halimaw kung tagurian ng mga manggagawang bukid ang modernong reaper-harvester machine na kumitil sa kanilang hanapbuhay

## Pagsusuri sa Talas ng Lingkaw

Ginapas ni ama ang hintuturo ng panginoong maylupa nang duruin siya nito. Tumilansik ang dugo na animo ay nagliliparang mga dayami<sup>13</sup> mula sa ginigiik na palay. Isinunod tabasin ni ama ang dila ng panginoong maylupa. Pinahawakan niya rin sa akin ang mga braso nito na animo dumarakot lang ako ng bungkos ng palay. Pagkaraan ay pinutol din ni ama ang magkabila niyang paa. Nang matapos gilitin ni ama ang tuhod, baywang, at leeg ng panginoong maylupa ay tila namumuwalang kinaban<sup>14</sup> ang naiwang gitna nitong katawan. Wika ni ama, *kung maibebenta natin ang anumang natira sa kaniya, tiyak na mas mura pa ito sa tinawarang*<sup>15</sup> ipa.

---

<sup>13</sup> Natirang tangkay ng palay pagkatapos giikin

<sup>14</sup> Palay o anumang bagay na nakasilid sa sako at may timbang na isang kaban

<sup>15</sup> Hiningian ng deskuwento